# Modyul 22
# Pagsusuri ng Akda Batay sa Teoryang Feminismo at Eksistensyalismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Narito akong muli upang tulungan ka sa huling modyul na iyong pag-aaralan. Tulad ng mga nakaraan, dalawang akda ang iyong susuriin. Dalawang maikling kuwento na kapwa nagwagi ng Gantimpalang Palanca. Ang una'y ang ""Banyaga" ni Liwayway Arceo na nagkamit ng Unang Gantimpala noong taong 1961-1962. Tinalakay sa kwentong ito ang naging damdamin ng isang tagalalawigan. Sa muli niyang pagbabalik sa kanilang pook ay nadama niya ang kahungkagan sa kanyang sarili. Tila hindi na siya nakikilala ng sinuman maging ng mga pinakamalapit niyang kamag-anak at mga kaibigan. Ito'y dala ng mga pagbabagong naganap sa kanyang sarili sa panahong inilagi niya sa Maynila at sa Amerika.

Tunay na maraming Pilipino ngayon ang maituturing na banyaga sa sariling bayan. Nanirahan lang ng ilang taon sa ibang bansa ay kakikitaan na ng transformasyon sa pisikal, sosyolohikal at intelektwal na kalagayan at maging sa saykolohikal na aspeto.


Hindi masama ang maging makabago. At lalong di masama ang sumunod tayo sa mga pagbabagong dulot ng panahon. Ito'y tanda ng pag-unlad. Ngunit huwag nating kalilimutan ang magagandang kaugaliang-Pilipino. Mga kaugaliang maipagmamalaki saan man makarating sa iba't ibang sulok ng daigdig.

Ang ikalawang akda'y ang "Kinagisnang Balon" ni Andres Cristobal Cruz na nagkamit naman ng Ikalawang Gantimpala noong taong 1959-1960. Ito'y tungkol sa isang anak na ayaw maging isang aguwador na tulad ng kanyang ama. Pinanindigan niyang di siya matutulad sa ama. Pumunta siya sa Maynila at naghanap ng mapapasukan. Kahit na ano huwag lamang ang pag-aaguwador ngunit siya'y nabigo. Bumalik siya sa kanilang lugar at sa di inaasahang pangyayari ay nadisgrasya ang kanyang ama. Kaya di man niya gusto ay wala siyang nagawa ,napilitan siyang mag-aguwador.




## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa sa akda.



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Tutulungan ka ng modyul na ito. Magiging maayos at epektibo ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga sumusunod na tagubilin.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit o ang bahaging, Ano Na Ba Ang Alam Mo? Ito'y gabay upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong sagot. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga aralin.

4. Gawin at sundin mo ang mga panuto.

5. Isulat mo ang iyong sagot sa hiwalay na papel o notbuk.

6. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging, Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Maging matapat ka sa pagsagot at pagwawasto ng iyong mga gawa.

8. Ingatan mo ang modyul na ito. Panatilihin mong malinis at walang punit ang bawat pahina.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang sumusunod ay ang panimulang pagsusulit na susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa pag-aaralang akda.

Panuto: Bigyang-kahulugan ang salitang may salungguhit.

1. Ang kanyang baywang ay lalong pinalantik ng lapat na lapat na saya.

    a. maliit    c.mahubog
    b. mabilog    d. maliit

2. Hinahagod ng tingin ang kanyang kaanyuan.

    a. mabuti    c. paiwas
    b. paulit-ulit    d. pasulyap

3. Ang kanyang ama ay isang aguwador.

    a. tagaigib ng tubig    c. nagbibili ng tubig
    b. naglalabada    d. tagapagbalde ng tubig

4. Nagpupuyos ang kalooban ni Narsing.

a. nag-aapoy
b. nagngangalit
c. naglalaban
d. nagmamalaki

II. Panuto: Unawaing mabuti ang bawat pangungusap at punan ng tamang sagot ang bawat patlang. Titik lamang ang isulat.

1. Napagkamalang artista ng mga tao si ___

a. Duardo
b. Narsing
c. Nana Ibang
d. Fely

2. Hindi niya matatanggihan ang karangalang ibibigay sa kanya ng Samahan ng mga Nagsisipagtapos bilang unang babaing _____ na nagtapos sa Plaridel High School.

a. manggagamot
b. inhinyero
c. hukom
d. arkitekto

3. Ang balon ay itinulad sa _____ sa Tibag.

a. buhay-buhay
b. simbahan
c. kapangyarihan
d. puno

4. Ayaw ni Narsing matulad sa kanyang amang ___

a. magsasaka
b. hilot
c. aguwador
d. tsuper

5. "Sinabi ko naman sa Inso, ibigay na sa akin… papag-aralin ko sa Maynila. Nag-iisa naman ako. Ang hirap sa kanila ayaw nilang maghiwalay…" Ang kaugaliang Pilipinong ipinahihiwatig sa sinabing ito ni Fely ay___

a. pagtutulungan ng magkakamag-anak
b. pagkakalapit-lapit ng pamilya
c. mainit na pagtanggap sa panauhin
d. pagpapahalaga sa kapwa

6. Nagtungo si Narsing sa Maynila. Naglakad siya't naghanap ng mapapasukan, kahit na ano, huwag lamang pag-aaguwador. Dito ipinakita ni Narsing ang kanyang paghahangad na____

a. mabago ang kalagayan sa buhay
b. pagpapahalaga sa trabaho
c. pagpapahalaga sa sarili
d. pagtakas sa kahirapan

- Iwasto mo ang iyong sagot.  Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Naging madali ba sa iyo ang pagsusulit?  Huwag kang mag-alala panimula pa lang naman iyan.  Tutulungan kitang malinang ang iba't ibang kasanayang dapat mong matutunan at ang magagandang ugaling makapagpapaunlad sa iyong pagkatao sa pamamagitan ng mga gawaing aking inihanda.

# Aralin 1 Banyaga
## Liwayway A. Arceo

## *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*


Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang salita na ginamit sa akda
2. Naiisa-isa ang mga mahahalagang detalye sa akda
3. Nasusuri ang akda sa pananaw feminismo
4. Natutukoy ang mga magagandang kaugaliang-Pilipino na dapat panatilihin
5. Nakabubuo ng maikling talatang naglalarawan sa isang makabagong Pilipina

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Bigyang-pansin mo ang mga larawan.  Bumuo ka ng sariling impresyon batay sa angkin mong kaalaman tungkol sa mga nasa larawan.










Kilalanin ang apat na babaing nasa larawan batay sa kanilang natatanging nagawa, naging papel sa lipunan, naging kabiguan, at naging tagumpay. Hanapin ang sagot sa mga nakatala sa ibaba.

A. Cory Aquino
B. Gloria Macapagal Arroyo
C. Teodora Alonzo
D. Mel Tiangco
E. Melchora Aquino
F. Unang Pangulong Babae sa Pilipinas
G. Mabuting guro at ina sa kanyang anak
H. Nakulong at napatay ang kanyang asawa
I. Napagbintangang subersibo ang kanyang anak at ito'y nasintensyahang barilin sa Bagumbayan
J. Kasalukuyang Pangulo ng Bansa
K. Mapagkawanggawa
L. Mahusay na brodkaster at Tagapangulo ng GMA Kapuso Foundation
M. Mahusay na Ekonomista

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Ang natapos na gawain ay may kaugnayan sa akdang iyong babasahin at susuriin. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman nito.

**2. Basahin mo…**

## *Banyaga*

ni Liwayway A. Arceo

Mukhang artista! Artista nga ba? Artista?

Mula nang dumating si Fely kangina ay hindi miminsang narinig niya ang tanong na iyon na tila ngayon lamang siya nakita. Gayong umuuwi siya dalawang ulit isang taon: kung Araw ng mga Patay at kung Pasko. O, napakadalang nga iyon, bulong niya sa sarili. At maging sa mga sandaling ito na wala nang kumikibo at tumitingin sa kanya ay iyon din ang katunayang wari ay nababasa niya sa bawa't matimping ngiting may lakip na lihim na sulyap.

At mula sa salamin sa kanyang harapan ay nakita niya si Nana Ibang sa kanyang likuran. Hinahagod ng tingin ang kanyang kaanyuan. Matagal na pinagmasdan ang kanyang buhok. Hindi ito makapaniwala nang sabihin niyang serbesa ang ipinambasa sa buhok niya.

- Serbesa ba 'kamo bata ka, ha?

Ngumiti siya, kasabay ang mahinang tango. At nang makita niyang nangunot ang noo nito, idinugtong niya ang paliwanag, - Hindi naman masama ang amoy, Nana.

Ngayon sa kanyang pagtindig ay hindi maikaila sa kanya ang pagtuon ng tingin nito sa kanyang suot. Sa leeg ng kanyang terno na halos ay nakasabit lamang sa gilid ng kanyang balikat at tila nanunuksong pinipigil ang pagsungaw ng kanyang malusog na dibdib. Sa kanyang baywang na lalong pinalantik ng lapat na lapat na saya. Sa laylayan nito na may gilit upang makahakbang siya.

- Ibang-iba na nga ngayon ang …lahat!... – at naulinigan niya ang buntunghininga na kumawala sa dibdib ng matanda niyang lola.

Napangiti siya. Alam niyang iyon din ang sasabihin ng kanyang ama na sa pagkaalam niya ay hindi naging maligoy minsan man sa pagsasalita. Iyon din ang narinig niyang sabi ng kanyang Ate Sedes. At ng kanyang Insong Edong, ang balo ng kanyang Kuya Mente. At ang kanyang apat na pamangkin ay halos hindi nakahuma nang makita siya kanginang nakatoreador na itim at kamisadentrong rosas. Pinagmasdan siya ng kanyang mga kanayon, mula sa ulong may taling bandana, sa kanyang salaming may kulay, hanggang sa kanyang mga kukong mapula sa paa, na nakasungaw sa step-in na bukas ang nguso.

- Sino kaya'ng magmamana sa mga pamangkin mo …matalino.

- Sinabi ko naman sa Inso…Ibigay na sa akin… papapag-aralin ko sa Maynila. Nag-iisa naman ako. Ang hirap sa kanila…ayaw nilang maghiwa-hiwalay. Kung sinunod ko ang gusto ni Inang…noon…kung natakot ako sa iyakan… -Tumigil siya sa pagsasalita. alam niyang hindi maikukubli ng kanyang tinig ang kapaitang naghihimagsik sa kanyang dibdib.

- E…oo nga… - Walang anu-ano'y ayon ni Nana Ibang… Tigas nga namang iyakan nang lumuwas ka…

- Noon pa man, alam kong nasa Maynila ang aking pagkakataon. Sasali ba 'ko sa timpalak na 'yon kung hindi ako nakasisigurong kaya ko ang eksamen?

Hindi sumagot si Nana Ibang. Naramdaman niyang may dumamping panyolito sa kanyang batok. –Pinagpapawisan ka na, a. Ano bang oras ang sabi ni Duardo na susunduin ka?

- Alas tres daw. Hanggang ngayon ba'y ganoon dito? - at napangiti siya – A las tres o a las singko? A las kuwatro na, a! Kung hindi lang ako magsasaya, di dinala ko na rito ang kotse ko. Ako na sanang magmamaneho. Sa Amerika…

- Naiinip ka na ba? – agaw ni Nana Ibang sa kanyang sinasabi.

- Hindi sa naiinip, e. Dapat ay nasa oras ng salitaan.Gusto kong makabalik ngayon sa Maynila.

- Ano? K-kahit gabi?

Napatawa si Fely. – Kung sa Amerika…nakapunta ako at nakabalik nang mag-isa, sa Maynila pa? Ilang taon ba 'Kong wala sa Pilipinas? ang totoo…

Biglang nauntol ang kanyang sasabihin nang marinig niya ang mahinang tatat ni Nana Ibang. At nang tumingin siya dito ay nakita niya ang kulimlim na mukha nito. At biglang-bigla, dumaan sa kanyang gunita ang naging anyo nito nang makita niya kangina. Ang pinipigil na paghanga at pagtataka sa kanyang anyo. Ang walang malamang gawing pagsalubong sa kanya. At nang siya ay ipaghain ay hindi siya isinabay sa kanyang pamangkin.

Ibinukod siya ng hain, matapos mailabas ang isang maputi at malinis na kumot na ginawang mantel. Hindi siya pinalabas sa batalan nang sabihin niyang maghuhugas siya ng kamay. Ipinagpasok siya ng palanggana ng tubig, kasunod ang isa niyang pamangkin na sa pangalan at larawan lalo niyang kilala sapagkat patuloy ang kanyang sustento rito buwan-buwan. Ito ang may dalang platitong kinalalagyan ng isang sabong mabangong alam niyang ngayon lamang binili. Nakasampay sa isang bisig nito ang isang tuwalyang amoy moras. At napansin niyang nagkatinginan ang kanyang mga kaharap nang sabihin niyang magkakamay siya.

- Ayan naman ang kubyertos…pilak 'yan… - hiyang-hiyang sabi ng kanyang hipag. – 'Yan ang uwi mo …noon…hindi nga namin ginagamit…

Napatawa siya, - Kinukutsara ba naman ang alimasag?

Nagsisi siya pagkatapos sa kanyang sinabi. Napansin niyang lalong nahapis ang mukha ng kanyang Nana Ibang. Abot ang paghingi nito ng paumanhin. –Kung hindi ka ba nagbagong-loob, di sana'y nalitson ang biik sa silong. Kasi sabi…hindi ka raw darating…

Wala na siyang balak dumalo sa parangal. Ngunit naisip niyang ngayon lamang gagawin ang gayon sa kanilang nayon. Sa ikalimampung taon ng Plaridel High School. Waring hindi niya

matatanggihan ang karangalang iniuukol sa kanya ng Samahan ng mga Nagsisipagtapos sa kanilang paaralan. Waring naglalaro sa kanyang isipan ang mga titik ng liham ng pangulo ng samahan. Parangal sa unang babaing hukom na nagtapos sa kanila.

Napakislot pa si Fely nang marinig ang busina ng isang tumigil na sasakyan sa harap ng bahay. Alam na niya ang kahulugan niyon. Dumating na ang sundo upang ihatid siya sa bayan, sa gusali ng paaralan.

Hindi muna niya isinuot ang kanyang sapatos na mataas at payat ang takong.

- Sa kotse na, - ang sabi niya kay Nana Ibang. Ang hindi niya sinabi: Baka ako masilat…Baka ako hindi makapanaog sa hagdang kawayan.

Ngunit sa kanyang pagyuko upang damputin ang kanyang sapatos ay naunahan siya ng matanda. Kasunod niya ito na bitbit ang kanyang sapatos. Sa paligid ng kotse ay maraming mukhang nakatingin sa kanya. Ang pinto ng kotse ay hawak ng isang lalaking nang mapagsino niya ay bahagya siyang napatigil. Napakunot ang noo niya.

- Ako nga si Duardo!

Pinigil niya ang buntunghiningang ibig kumawala sa kanyang dibdib. Nang makaupo na siya ay inabot ni Nana Ibang ang kanyang sapatos. Yumuko ito at dinampot naman ang tsinelas na hinubad niya. Isinara ni Duardo ang pinto ng kotse at sa tabi ng tsuper ito naupo.

Bakit hindi ka rito? – tanong niya. – Masasal ang kaba ng kanyang dibdib. – May presidente ba ng samahan na ganyan?

- A…e… - Hindi kinakailangang makita niyang nakaharap si Duardo. Napansin niya sa pagsasalita nito ang panginginig ng mga labi – A…alangan…na ‘ata…

Tumigas ang mukha ni Fely. Nagtiim ang kanyang kalooban. Si Duardo ang tanging lalaking naging malapit sa kanya. Noon. Ngayon, nalaman niyang guro ito sa paaralang kanilang pinagtapusan. At ito rin ang pangulo ng Samahan ng mga Nagsipagtapos.

- Natutuwa kami at nagpaunlak ka… Walang anu-ano’y sabi ni Duardo. Dalawampu’t dalawang taon na …

- Huwag mo nang sabihin ang taon! – nagtatawang sabi ni Fely. – Tumatanda ako…

- Hindi ka nagbabago, - sabi ni Duardo. – Parang mas…mas…bata ka ngayon. Sayang…hindi ka makikita ni Monang…

- Monang? – napaangat ang likod ni Fely.

- Ka-klase natin…sa apat na grado, - paliwanag ni Duardo. Kami ang … - at napahagikgik ito. – Kamakalawa lang niya isinilang ang aming pang-anim…

- Congratulations! – pilit na pilit ang kanyang pagngiti. Tila siya biglang naalinsanganan. Tila siya inip na inip sa pagtakbo ng sasakyan.

- Magugulat ka sa eskuwela natin ngayon. – Patuloy ni Duardo nang hindi siya kumibo. – ibang-iba kaysa…noon.

- Piho nga, - patianod niya. Hindi naman kasi ‘ko nagagawi sa bayan tuwing uuwi ako. Lagi pa ‘kong nagmamadali…

Bagung-bago sa kanyang paningin ang gusali. At nang isungaw niya ang kanyang mukha sa bintana, ng sasakyan ay nakita niya ang mga matang nakamasid sa kanya. Isinuot niya ang salaming may kulay. Tila hindi na niya matatagalan ang nakalarawan sa mukha ng mga sumasalubong sa kanya. Pagtataka, paghanga, pagkasungyaw. Aywan niya kung alin.

At nang buksan ni Duardo ang pinto ng kotse upang makaibis siya ay lalong nagtumining ang kahungkagang nadarama niya kangina pa. At may sumungaw na luha sa kanyang mga mata. Tila hindi na niya nakikilala at hindi na siya makikilala pa ng pook na binalikan niya.-

- Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung gayon, masasagot mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Basta unawain mo lang mabuti ang mga panuto at maging maingat sa pagsasagawa ng mga ito.

Sa ibaba ay nakatala ang mga matatalinghagang salita na ginamit sa akda. Tulong ito sa ganap mong pag-unawa sa iyong binasa.

**3. Linangin mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Punan ng mga titik ang mga nasa kahon upang mabuo ang salitang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa parirala.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. nauntol sa pagsasalita | | | H | | N | | O | | |
| 2. baywang na pinalantik | M | | | U | | | G | | |
| 3. matimping ngiti | | I | N | | P | | | | L |
| 4. nakatoreador ng itim | | | L | | A | | | | |
| 5. masasal na pintig | | A | B | | | | S | | |

- Iwasto mo ang iyong kasagutan gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Tiyak kong ngayon ay naunawaan mo nang mabuti ang iyong binasang akda, kaya handa ka nang gawin ang mga susunod na gawain.

b. Pasusuring Pangnilalaman

1. Anu-anong mga bahagi sa akda ang nagsasaad na banyagang-banyaga si Fely sa kanyang mga kanayon. Piliin sa mga nakatala. Titik lamang ang isulat.

a. Mukhang artista! Artista nga ba? Artista?
b. Hinahagod ng tingin ni Nana Ibang ang kanyang kaanyuan. Matagal na pinagmasdan ang kanyang buhok. Hindi ito makapaniwala nang sabihin niyang serbesa ang ipinambasa sa buhok niya.
c. Ibang-iba na nga ngayon ang …lahat!... at naulinigan niya ang buntunghininga na kumawala sa dibdib ng matanda niyang lola.
d. Nang siya ay ipaghain ay hindi siya isinabay sa kanyang pamangkin. Ibinukod siya ng hain, matapos mailabas ang isang maputi at malinis na kumot na ginawang mantel. Hindi siya

pinalabas sa batalan nang sabihin niyang maghuhugas siya ng kamay. Ipinagpasok siya ng palanggana ng tubig, kasunod ang isa niyang pamangkin.

e. Isinara ni Duardo ang pinto ng kotse at sa tabi ng tsuper ito naupo.

f. Sa kanyang pagyuko upang damputin ang kanyang sapatos ay naunahan siya ng matanda.

g. At nang isinungaw niya ang kanyang mukha sa bintana ng sasakyan ay nakita niya ang mga matang nakamasid sa kanya. Isinuot niya ang salaming may kulay. Tila hindi na niya matagalan ang nakalarawan sa mukha ng mga sumalubong sa kanya.

h. Napansin niyang lalong nahapis ang mukha ng kanyang Nana Ibang. Abot ang paghingi nito ng paumanhin. Kung hindi ka nagbagong- loob, di sana'y nalitson ang biik sa silong.

2. Pangatwiranan ang mga sumusunod.Hanapin sa mga nasa ibaba. Simbolo lamang ang isulat.

2.1. Hindi ko hangad na magpakatalino upang paalipin lamang sa lahing hindi ko kinabibilangan.

2.2. Pantay-pantay ang mga tao kahit marunong o mangmang, mayaman o mahirap, maganda o pangit.

2.3. Hagdan sa pagtatagumpay ang pakakamit ng edukasyon.

△ - Ang pagkakaroon ng edukasyon ang daan upang makahanap ng matatag na hanapbuhay nang maging maganda ang kinabukasan ng pamilya.

□ - Ang lahat ng tao, anuman ang anyo, kalagayan sa buhay at isip ay pantay-pantay sa paningin ng Diyos. Lahat ay isinilang nang walang damit at magbabalik sa alabok

○ - Tayo'y Pilipino at walang magmamalasakit sa Pilipino kundi kapwa Pilipino. Kaya apat lang na gamitin natin ang ating talino rito sa Pilipinas at di sa ibang bansa.

- Iwasto mo muna ang iyong kasagutan gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro bago mo isagawa ang mga susunod na gawain.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Basahin at unawain mo ang nasa loob ng kahon. Makatutulong ito upang madali mong maisagawa ang susunod na pagsasanay.

Paano ba binabasa ang isang akda sa pananaw feminismo?

Binabasa ang isang akda sa ganitong pananaw sa pamamagitan ng masusing pagtingin sa pagkakabuo ng mga tauhang babae at ang mga naging dahilan ng kanyang pagbabago. Ang inilalabas sa akda ay ang taglay na kalakasan ng tauhang babae – kanyang paninindigan at paniniwala higit na nakapag-ambag sa kanyang pagbabago. Inilalabas sa akda ang mga katangian ng babae na nagsisilbing sandigan ng pagkamatatag ng kanyang katauhan.

Wala na ang panahon ng Martir na tauhang babae. Sa kilusang feminismo, bumalikwas ang mga kababaihan. Ang tauhang nililikha ay babaing malakas at may pansariling paninindigan na nagpapatingkad sa kanyang pagiging babae o tao.

Ngayon, handa ka nang suriin ang akda sa pananaw feminismo. Ipokus mo ang pagsusuri batay sa mga paniniwala ng tauhang si Fely.

1. Humango ka ng mga tiyak na bahagi ng kuwento na hayagang nagpakita ng pagbabago sa paniniwala at paninindigan ni Fely.

______________________________________________________

______________________________________________________

2. Ilahad ang naging bunga sa pagkatao ni Fely dala ng kanyang paniniwala at paninindigan.

____________________________________________________

____________________________________________________

3. Bigyan ng kongklusyon ang mga sumusunod. Isulat ang titik lamang.

3.1. “Kung sinunod ko ang gusto ng Inay… “Kung natakot ako sa iyakan.”

3.2. “Noon pa man ay alam kong nasa Maynila ang aking pagkakataon!”

3.3. Kung sa Amerika, nakapunta ako at nakabalik nang nag-iisa.”

a. Na malakas na ang kanyang loob. Na sa ibang bansa nakapagbiyahe siyang nang mag-isa, sa Pilipinas pa kaya.

b. Na kung nagpapigil siya sa magulang ay di siya nakaalis sa kanilang lugar at di nakamit ang kanyang pangarap.

c. Na nasa Maynila ang kanyang kapalaran. Kapalarang maging matagumpay sa buhay.

-Bago lubusang suriin ang akda, alamin muna ang ilan pang mahahalagang kaalaman na nasa loob ng kahon.

> Kung binabasa ang akda sa pananaw feminismo, ang focus ay ang transformasyon ng tauhang babae. Tinitingnan sa akda ang pagbabagong nagaganap sa pangunahing tauhang babae na nagtataas sa kalagayan nito. Maaaring ang pagbabago ay maging pisikal, saykolohikal, intelektwal at sosyolohikal.

Aling mga tiyak na bahagi sa akda ang nagpapakita ng transformasyon ni Fely? Piliin sa mga nakatala sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

4.1. sa pisikal na kalagayan

4.2. sa saykolohikal na aspeto

4.3. sa sosyolohikal na kalagayan

4.4. sa intelektwal na kalagayan

a. Noon pa man alam kong nasa Maynila ang aking kapalaran
b. Dapat ay nasa oras ang salitaan
c. Kung sa Amerika…nakapunta ako at nakabalik nang mag-isa, sa Maynila pa? Ilang taon ba ‘kong nawala sa Pilipinas?
d. Pinagmasdan siya ng kanyang mga kanayon, mula sa ulong may takip na bandana, sa kanyang salaming may kulay, hanggang sa kanyang kukong maypula sa paa, na nakasungaw sa step-in na bukas ang nguso.

- Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto. Kunin mo ito sa iyong guro.

d. Halagang Pangkatauhan

Piliin mo sa mga sumusunod ang mga magagandang kaugaliang-Pilipino na ipinakita sa akda na dapat panatilihin. Titik lamang ang isulat mo sa iyong sagutang papel.

A. Pagpapahalaga sa oras
B. Mainit na pagtanggap sa panauhin
C. Pagkakalapit-lapit ng pamilya
D. Pagpaplano ng pamilya
E. Paghanga sa kapwa
F. Pagpapahalaga sa edukasyon
G. Pangangalaga sa mga likas na yaman
H. Pagpapahalaga sa kapwa
I. Paggalang sa matatanda

- Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong gawa.

Ngayong natukoy mo na ang mga magagandang kaugaliang Pilipino na isinaad sa akda. Palalimin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng susunod na gawain.

**4. Palalimin mo…**

Matapos kong mabasa ang kuwentong "Banyaga" at makilala si Fely…

1. Nalaman ko na ang isang babae ay____

2. Naramdaman ko na ang isang babae ay ______

3. Masasabi kong ang isang babae ay ______

- Iwasto mo ang iyong gawa sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong tugon ay malapit sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

1. Lagyan ng bilang 1-4 ang mga sumusunod ayon sa iyong prayoridad at isulat ang iyong katwiran.

| | *Blg.* | *Katwiran* |
|---|---|---|
| Propesyon | | |
| Edukasyon | | |
| Kayamanan | | |
| Karangalan | | |

2. Kung pamimiliin ka: buhay-lalawigan o buhay-lunsod, alin ang gugustuhin mo? Bakit? Titik lamang ang isulat.

a. Buhay-lalawigan sapagkat kahit walang pera makakakain ka nang 3 beses sa isang araw dahil maraming pananim doon.

b. Buhay-lunsod, sapagkat ang lunsod ang sentro ng edukasyon at komersiyo.

- Muli, iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin mo…**

Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang mabuo ang paglalarawan sa isang makabagong Pilipina. Piliin sa mga nakatala sa ibaba ang angkop na salita .

*Makabagong Pilipina*

Kilala ang mga Pilipina sa kagandahan, kagandahang __1__ at kagandahan ng __2__. Sila'y may makinis na __3__, along-along __4__, hugis-pusong __5__, maamong __6__ na nakaaakit, nakatutuwang biloy sa mga __7__ namumula at tila iginuhit na __8__. Nagtataglay sila ng lakas ng __9__ at di natatakot na makipagsabayan sa mga __10__.


| | | | |
|---|---|---|---|
| kalalakihan | buhok | pisikal | kalooban |
| mukha | pisnging | kilay | loob |
| balat | mata | ilong | pilikmata |

- Naging madali ba sa iyo ang nakaraang gawain? Kaya kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto ang iyong gawa.

**7. Lagumin mo…**

Lagumin ang mga kaisipang nangibabaw sa akdang binasa. Piliin at isulat ang titik lamang .






A. Hindi masamang yumakap sa pagbabago kung ito ay sa mabuti patungo.

B. Ang ugali't suot kahit pa baguhin sa puso't diwa'y Pilipino pa rin.

C. Hagdan sa pagtatagumpay ang pagkakamit ng edukasyon.

D. Walang idinudulot na maganda ang modernisasyon sa buhay ng mga Pilipino.

E. Ang "Filipino Time" ay ang pagdating nang maaga sa oras ng tipanan.

F. Pilipino, sa sariling bayan ka muna maglingkod bago sa iba.

G. Matutong magpahalaga sa oras, sapagkat ang oras ay ginto.

- Ngayon naman, iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Tingnan ko ngayon kung talagang naunawaan mong mabuti ang araling ito.

**8. Subukin mo…**

Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang bawat matimping ngiti ay may lakip na lihim na sulyap.

    a. bigay na bigay  c. pigil
    b. matamis  d. nakaw

2. Ang kanyang baywang ay lalong pilantik sa lapat na lapat na saya.

    a. humubog  c. lumaki
    b. bumakat  d. naaninag

3. Siya ay nakatoreador ng itim at kamisadentrong rosas.

a. pantalon
b. palda
c. saya
d. "short"

4. Nang siya'y dumating ay napagkamalan siyang _____ ng kanyang mga kanayon.

a. banyaga
b. artista
c. turista
d. Amerikana

5. Gumagamit siya ng _____,pambasa sa kanyang buhok.

a. serbesa
b. langis
c. tubig
d. "conditioner"

6. Ang tanging taong naging malapit sa kanya noon ay si _____.

a. Monang
b. Nana Ibang
c. Sedes
d. Duardo

7. Ang ibig ipakahulugan ng mga tinging iniukol kay Fely ay _____.

a. paghanga
b. pagtataka
c. kaligayahan
d. lahat ng nabanggit

8-9. Ang bahaging nagsasaad na banyagang-banyaga si Fely sa kanyang mga kanayon ay _____ (pumili ng 2)

a. Mukhang artista! Artista nga ba ? Artista?
b. Tila hindi na niya nakikilala at hindi na siya nakikilala pa ng pook na binalikan niya.
c. Isinara ni Duardo ang pinto ng kotse at sa tabi ng tsuper ito naupo.
d. Hindi muna niya isinuot ang kanyang sapatos na mataas at payat ang takong.
e. Hindi sa naiinip. Dapat ay nasa oras ang salitaan.
f. Walang malamang gawing pagsalubong sa kanya.

10. Sa muli niyang pagbabalik sa kanilang pook ay nadama niya ang kahungkagan sa kanyang sarili dahil sa _____

a. hindi na siya nakikilala ng sinuman maging ng mga pinakamalapit niyang kamag-anak at mga kaibigan.
b. pagbabagong naganap sa kanyang sarili
c. parangal na ibinigay sa kanya ng paaralang kanyang pinagtapusan
d. hindi na niya nakilala ang kanyang mga kanayon

- Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas. Binabati kita, lubos mong naunawaan ang aralin. Kung 6 pababa naman ay isagawa mo muna ang susunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Ayusin ang mga salita upang mabuo ang kaisipan

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | | |
| maging | sa | bayan | sariling | iwasan | banyaga |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 2 | | |
| sa | masamang | kung | ito’y | patungo | mabuti |
| | yumakap | hindi | | pagbabago | sa |

- Tingnan mo sa susi sa pagwawasto kung ang iyong gawa ay malapit sa tamang sagot. Ito’y katanggap-tanggap na rin.

# *Aralin 2 KINAGISNANG BALON*
## *ni Andres Cristobal Cruz*



### *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Napipili at naipaliliwanag ang mga piling pahayag na pahiwatig
2. Natutukoy ang nais sabihin ng akda sa isang tiyak na indibidwal
3. Napipili ang mga bahagi ng akda na nagpapakita ng lakas ng paninindigan ng tauhan
4. Naiisa-isa ang mga paraan ng pagpapahalaga sa hanapbuhay
5. Nakabubuo ng isang paglalarawang-tauhan na may kaugnayan sa kanyang paniniwala at pagpapasyang ginawa

### *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Saan-saan maaaring kumuha nang malinis na maiinom na tubig ang tao? Piliin sa mga nasa larawan?






**2. Basahin mo…**

***KINAGISNANG BALON***
**ni Andres Cristobal Cruz**

1. Sinasabing walang lampin sa purok ng Tibag na hindi nilabhan sa tubig na sinasalok sa malalim, malaki't matandang balon.
2. Sinasabing walang nagluto ng pagkain at naghugas ng kinanan sa Tibag na hindi gumamit ng tubig sa balong iyon.
3. Sinasabing walang naligo sa Tibag na hindi nagbuhos ng malinis at malamig na tubig na siyang biyaya ng matatandang balong tisa.
4. Anupa't masasabing walang isinilang at inilibing na taga-Tibag na hindi uminom o binindisyunan ng tubig na galing sa kanilang balon.
5. Kung iisipin, masasabi rin na ang buhay at kamatayan ng mga taga-Tibag ay nasa balong iyon.
6. Mahalaga nga ang gayon, ngunit ang bagay na ito'y hindi nila pinag-uukulang masyado ng pansin. Sa kanila, ang balon ay bahagi ng kanilang buhay at kapaligiran, bahagi na ng kanilang mga kinagisnang alamat at mga paniniwala't pamahiing imumulat nila sa kanilang mga anak, at imumulat naman na mga ito sa susunod nilang salinlahi.
7. Walang nakatitiyak kung kailan hinukay ang balong iyon.
8. "Noon pang panahon ng Kastila," anang matatanda.
9. "Hindi pa kayo tao, nandiyan na 'yan," giit naman ng iba.
10. At parang pagpapatunay, patitingnan ang mga tisang ginamit sa balon. Kauri raw at sintigas ng mga ginamit sa pader ng Intramuros o kaya'y sa mga pinakamatatandang simbahang katoliko sa Pilipinas.
11. Ipaglalaban naman ng iba na ang balon ay hinukay, o sa lalong wastong salita ay ipinahukay ng mga maykapangyarihan noong panahon ng mga Amerikano.

Katunayan daw, maraming bayan sa Pilipinas, lalo na sa Luzon, ang may mga balong katulad ng nasa Tibag. Kaya naman daw matatagpuan ang mga ganitong balon sa labas ng mga matatandang bayan ay upang madaling masugpo ang kolerang ilang beses nang kumalat sa buong kapuluan at umutas ng libu-libong pagkukunan ng tubig ay nasa labas ng bayan, porlomenos, madali ang pagsugpo sa kakalat na makamandag na kolera.

12. May kalabuan man, kung sa bagay, ang ganoong pala-palagay, wala namang magagawa ang mausisa. Basta't iyon daw ang paniwalaan, tapos ang kuwento!
13. Ganoon din ang ibubulyaw ng mga matatandang pikon kung kokontrahin mo sila sa kanilang pananakot. Kung gabi raw na madilim, lalo na kung patay ang buwan, may malignong lumilitaw sa may balon.
14. Magtago ka raw at sumilip sa likod ng mga punong kakawate, kung minamalas ka, makikita mo na lamang at sukat ang isang pagkaganda-gandang babae sa may balon. May inaaninaw daw itong mukha ng kung sinong katipang nalunod o maaaring nilunod sa balon noong panahon pa ng mga Kastila. Minsan naman daw, mga kung anu-anong hayop ang nagsisilabasan sa may balon at nag-uungulan.
15. At ano bang mali-maligno! Naisipan daw ng ilang kabinataan ang magpahatinggabi sa likod ng mga punong kakawate. At ano ang natuklasan nila? Ang nananakot ang siyang natakot. At nang magkabistuhan na, humangos daw itong may kinakapkap na kung ano at hinabol ng mga nakatuklas. Hindi matapus-tapos ang sisihan nang makasal nang di oras ang dalawang "maligno" na walang iba kung di ang tanging biyudo't pinakamatandang dalaga sa Tibag.
16. Isa na iyon sa masasayang pangyayari sa balon ng Tibag. Sa may balon naglalaba't naliligo ang mga dalaga't kababaihan. Kung naroon na ang mga dalaga, panay naman daw ang hugas ng paa ng mga binata. Naroon na ang nakawan ng tingin, mga patalinghagang salitang sinusuklian ng saboy ng tubig o mga hindi natutuloy na pagbabantang magsumbong. Ang ingay ng mga batang nagsisipaligo, ng mga balding pumapalo sa gilid ng balon, mga pigil na hagikgik ng mga babae, harutan ng mga dalaga.
17. Marami ang makapagsasabi sa Tibag, ang buhay-buhay, tulad ng matandang balon, ay siya na nilang kinagisnan, kinamulatan pa rin ng kanilang mga anak at mamanahin pa rin ng mga anak naman nito.
18. Isa na sa mga makapagsasabi si Tandang Owenyong Aguwador. Siya lamang ang aguwador sa Tibag. Ang ibang sumasalok, may pingga at balde, ay para gamit lamang sa bahay. Gamit din sa bahay ang sinasalok ng mga dalagang nagsusunong ng banga ng inumin, balde o golgoreta.
19. Hanapbuhay ni Tandang Owenyong Aguwador ang pag-iigib ng tubig. Iniigiban niya ang ilang malalaking bahay sa Tibag at pinupuno din niya ang mga tapayan o dram ng mga talagang nagpapaigib sa mula't mula pa. Ito ang mga pamilyang kung nagpipista ay siyang pinakamaraming handa't bisita, mga nagiging hermano o punong-abala sa mga komite de festejos. Ito rin ang ipinag-iigib ng ninuno ni Tandang Owenyo.
20. Maglilimampung taong gulang na si Tandang Owenyo. Maiksi ang gupit ng kanyang kulay abong buhok. Pangkaraniwan ang taas, siya'y laging nakakamisetang mahaba ang manggas at kapit sa katawan. Matipuno at siksik daw ang katawan nito noong araw.

21. “Ba’t naman di magkakaganoon e sa banat ang kanyang buto sa pagsalok n’on pa man,” sabi ng iba.
22. “Di ba’t ‘yan ‘kamo,” dagdag ng ilan, “aguwador din?”
23. “Di ba’t ang Ba Meroy ay aguwador din?”
24. “Aba, siyanga, ano?”
25. Ang pangalan ng ama ni Tandang Owenyo ay Ba Meroy. Namatay ito noong panahon ng Hapon.
26. “Pero ‘ala pang giyera,” pilit ng iba, “umiigib na ang Tandang Owenyo.”
27. Minana na niya ang opisyong iyan.”
28. “E, si Nana Pisyang Hilot? Di ba’t sa balon sila…”
29. “A, oo! Doon niligawan ng Tandang Owenyo si Nana Pisyang. Ipagtanong mo.”
30. “Labandera na noon si Nana Pisyang?”
31. “Labandera na. Ang ipinag-iigib ng Tandang Owenyo ang siyang ipinaglalaba naman ng Nana Pisyang. Kaya nga maganda ang kanilang istorya, e.”
32. “Ang Da Felisang Hilot?”
33. “Aba, e labandera rin ‘yon. Tinuruan naman niyang manghilot ang kanyang anak. ‘”Yan nga si Nana Pisyang.”
34. “Tingnan mo nga naman ang buhay.”
35. “Sa Amerika ba, merong ganyan?”
36. “Pilipinas naman ‘to, e! Siyempre dito sa ‘tin, pasalin-salin ang hanapbuhay.”
37. “Mana-mana ang lahat.”
38. “Si Ba Meroy aguwador, puwes, si Tandang Owenyong anak ay aguwador din.”
39. “At si Nana Pisyang ng Da Felisa, labandera.”
40. “Pero si Nana Pisyang humihilot din.”
41. “Ow, ano ba naman ‘yon? Di naman araw-araw e me nanganganak. Saka, bigyan mo na lang ng pangkape ang Nana Pisyang, tama na.”
42. “Me pamamanahan na sila ng kanilang mga ikinabubuhay.”
43. “Di nga ba’t katu-katulong na ng Nana Pisyang sa paglalaba’t paghahatid ng damit ang dalagita niyang si Enyang? Meron na siyang magsisiksgreyd.”
44. “At si Narsing nila?”
45. A, si Narciso ba? Sayang. Tapos ng hayskul, hindi na nakapagpatuloy.”
46. “Ow tama na ‘yon. Tapos ka’t hindi, pareho rin.”
47. “Si Narsing ang me ulo. Laging me dalang libro e!”
48. “Sa library nga raw sa kabayanan nagbabasa’t humihiram ng libro.”
49. “Minsa’y nakita kong may kipkip na libro. Tinanong ko kung ano.”
50. “E. ano raw?”
51. “Florante at Laura daw.”
52. “Tingnan mo nga ‘yan. Sayang na bata. May ulo pa naman.”
53. “Balita ko’y ayaw mag-aguwador.”
54. “Nahihiya siguro. Biruin mo nga namang nakatuntong na halos sa kolehiyo at sa paaaguwador mapupunta. Ba’t nga naman iyong iba. Karabaw inglis alam e mga tente bonete na.”
55. “Kayo, pala, oo! Para naman kayong bago nang bago sa Pilipinas. Pa’no me malalakas na kapit ‘yon!”
56. “Di aguwador din ang bagsak ni Narsing!”

57. NAGHIHIMAGSIK si Narsing. Ayaw niyang pumasan ng pingga. Totoo nga na umiigib siya. Ngunit iyon ay para gamit lamang nila sa bahay. At gusto pa niyang bitbitin ang dalawang balde kaysa gumamit ng pingga.
58. Sabi ng mga matatandang babaing naglalaba sa may balon, kung magpingga lamang si Narsing mapagkakamalan daw itong si Tandang Owenyo noong bagong tao pa ito. Iyon din ang palagay ng mga nagkakahig ng sasabungin,ng mga naghuhuntahan sa harap ng tindahang sari-sari sa tapat ng lumang kapilya.
59. Kung naririnig ni Narsing ang gayong sabi-sabi lalo lamang sumisidhi ang kanyang paghihimagsik. At ito'y may kasamang malalim na hinanakit.
60. Nagsasampay ang kanyang ina nang siya'y magpaalam isang umaga. Ang apat na alambreng sampayan ay lundung-lundo sa bigat ng malalaking sinampay. Hindi na nakita ni Narsing na ang sampayan ay nawalan ng laman, na ang damuhan sa may gilid ng bakod na siit ay walang latag na kinula. Sa kabilang gilid ng bakuran hanggang sa duluhang papunta sa bukid ay gumagapang ang kamoteng putpot, na ang talbos ay naagad. May kapirasong balag na ginagapangan naman ng upo.
61. Binigyan si Narsing ng kanyang inang Nana Pisyang ng konting babaunin. Ito'y naipon sa paglalaba't sa pinagbilhan ng ilang upo at talagang inilalaan para sa susunod na pasukan ng mga bata.
62. Nakituloy si Narsing sa isang tiyuhin sa Tondo, sa Velasquez. Sa area, naglalakad siya't naghahanap ng mapapasukan… Kahit na ano, huwag lamang pag-aaguwador. Nakaranas siya ng gutom, ngunit nagtiis siya. Kung anu-anong kumpanya't pagawaan ang kanyang sinubukan. Pulos naman NO VACANCY at WALANG BAKANTE, ang nakasabit sa mga tarangkahan at pintuan ng mga pinupuntahan niya.
63. Hindi lamang pala siya ang nabibigo. May nakakasabay pa siyang madalas na mga tapos ng edukasyon at komers. Ang mga ito'y me dala pang sulat na galing sa ganoo't ganitong senador o kongresman. Natatawang ibig maluha ni Narsing. Binabale-wala na pala ng mga ito kahit na pirma ng mga pulitiko. Maski siguro si Haring Pilato ang nakapirma, talagang walang maibibigay na trabaho ang balanang puntahan ni Narsing.
64. Napadaan si Narsing sa isang malaking gulayan ng Intsik. Subukin na nga ''to, sabi niya sa sarili habang pumapasok siya sa isang ektarya yatang gulayan na binakuran ng mga alambreng matinik. Kinausap niya ang Intsik na nakita niyang nagpapasan ng dalawang lalagyan ng tubig na tabla. Taga-alis ng uod, magpala o magpiko sabi ni Narsing sa Intsik.
65. "Hene puwede," sagot ng Intsik, "hang lan akyen tlamaho. Nahat-nahat 'yan akyen lang tanim, dilig."
66. "O, paano, talagang wala?" sabi ni Narsing at napansin niyang tumigas ang kanyang boses. Para siyang galit.
67. "Ikaw gusto pala ngayon lang alaw, ha," sagot ng Intsik. Nangingiti-ngiti. "Akyen gusto lang tulong sa 'yo.
68. "O sige, ano?"
69. "Ikaw, kuha tubig, salok sa balon, dilig konti. Ikaw na gusto?"
70. Ibinigay ng Intsik ang kanyang pinipinggang pinakaregadera.
71. Kinabukasan ng hapon nagpaalam si Narsing sa kanyang tiyahing nasa Velasquez. Sumakay na siya ng trak pauwi sa kanilang bayan sa lalawigan, sa Tibag.

Pangkaraniwan na sa Tibag ang nabibigo sa paghahanap ng trabahong bago at hindi minana. Habang daan ay inisip-isip niya kung paano niya maiiwasan ang kanyang mamanahing hanapbuhay na halos pantawid-gutom lamang, ang isang kalagayang pagtitiis mula sa umpisa hanggang sa katapusan, walang kamuwangan, hirap, at laging nakasalag, kung hindi sa kabutihang loob ng ilan, sa pagsasamantala naman ng marami.

72. Mabuti pa, sabi ni Narsing sa sarili, hindi na 'ko nakapag-aral. Parang nabuksan ang kanyang isip at guniguni sa sanlibu't sanlaksang kababalaghan ng kalikasan at sa maraming paghahamon ng buhay na di niya maubos-maisip kung paano mapananagumpayan.
73. Magtatakip-silim na nang dumating siya sa Tibag. Dinumog siya ng mga paslit na nagtatanong kung mayroon siyang dalang pasalubong. Wala, wala siyang dala.
74. Ang sumunod sa kanyang si Enyang ay tahimik na nag-ahin ng hapunan sa lumang dulang. Habang sila'y kumakain, naramdaman ni Narsing na naghihintay ang kanyang ama't ina ng kanya pang isasalaysay tungkol sa kanyang paghahanap ng trabaho sa Maynila. Ano naman ang maibabalita niyang hindi pa nila nalalaman tungkol sa kahirapan ng paghahanap ng trabaho?
75. Inalok siya nang inalok at pinakakaing mabuti ng kanyang ina. Animo'y nagkandagutom siya sa Maynila. Pasulyap-sulyap siya sa kanyang amang nasa kabisera ng dulang. Nagpupuyos ang kanyang kalooban sa kanyang nasasaksihan. Nag-aagawan ang mga paslit sa ulam. Tipid na tipid ang subo ng kanyang ama't ina. Marami pa silang inom ng tubig kaysa sa subo ng kanin. Ang ulam nila'y kamatis at bagoong na may talbos na naman ng kamote, isang mangkok na burong mustasa at ilang piniritong bangus. Maya't maya ay sinasaway ng kanyang ina ang mga batang parang aso't pusa sa pag-uunahan sa pagkain. Sa buong Tibag, sila lamang marahil ang hindi halos nagkaroon ng mumo sa dulang. Noong araw, hindi sila ganoon. Ngayon, kung magsabaw sila sa sinigang o minsan sang buwan nilagang karne, halos sambalde ang ibubuhos na tubig para dumami ang sabaw. Habang lumalaki't dumarami ang subo ng mga bata, dadalang naman nang dadalang at liliit ang subo ng kanyang ama't ina. Siya man ay napapagaya na sa kanila.
76. Ang ganoong tagpo ay kanyang pinaghihimagsikan. Katulad din iyon ng kanyang paghihimagsik kung nasasaksihan niya ang kanyang mga kapatid na palihim na waring nagsusukat ng mga damit na mahuhusay na ipinaglalaba't ipinamamalantsa ng kanilang ina. Katulad din iyon ng kanyang paghihimagsk na matapos na sa pag-iigib ng kanyang ama at napapansin niyang dumarami ang kulubot sa ulo kung nakikita itong pasan-pasan ang pingga't dalawang balde na animo'y isang Kristo sa pagkakayuko na ang paghihirap ay wala nang katapusan.
77. Noong gabing iyon. nagkasagutan sila ng kanyang ama. Nakaupo si Narsing sa unang baytang sa itaas ng kanilang mababang hagdan. Nakatingin siya sa duluhan ng bakuran. Iniisip niyang harapin pansamantala ang pagtatanim ng gulay. Nalingunan na lamang niyang nakatayo ang kanyang ama sa may likuran niya.
78. "Gayon din lamang," mungkahi ng kanyang ama sa malumanay na boses, at ibig mong maghanapbuhay, subukin mong umigib."
79. May idurugtong pa sana ang kanyang ama, ngunit hindi na nakapigil si Narsing. Malakas at pasinghal ang kanyang sagot.
80. "Ano ba naman kayo! Aguwador na kayo, gusto n'yo pati ako maging aguwador!"

81. Napatigagal ang kanyang ama.  Ang kanyang ina'y napatakbo at tanong nang tanong kung bakit at ano ang nangyari.
82. Minumura siya ng kanyang ama.  "Bakit?" wika nitong pinaghaharian ng pagdaramdam at kumakatal ang tinig.  "Ano ang masama sa pag-aaguwador?  Diyan ko kayo binuhay!"
83. Nakatayo na sana si Narsing, ngunit sinundan siya ng kanyang ama't buong lakas na hinaltak at inundayan ng sampal.  Parang natuklap ang mukha ni Narsing,  Itinaas niya ang isa niyang kamay upang sanggahin ang isa pang sampal.  Nakita niyang nagliliyab ang mga mata ng kanyang ama.
84. Sumigaw ang kanyang ina.  may kasama itong iyak.  Yakap siyang mahigpit ng kanyang ina.  Huwag daw siyang lumapastangan.  Pati ang mga bata'y umiiyak at humahagulgol na parang maliit na hayop.
85. Lumayo ang kanyang ama't iniunat ang katawan sa isang tabi ng dingding na pawid.  Dinig na dinig pa rin ang kanyang sinasabi.
86. Nag-aral ka pa naman, sayang.  Oy, kung me gusto kang gawin, sige.  Di kita pinipigil.  Darating din ang araw na mararanasan mo rin… mararanasan mo rin."
87. Kung anu-anong balita ang kumalat sa Tibag.  Kung umiigib si Narsing ng tubig para sa kanilang bahay hindi siya pinapansn ni binabati tulad ng dati.  Ganoon din ang kanyang ama.  Waring nahihiyang magtanung-tanong ang mga tao, ngunit hindi nahihiyang sa kani-kanilang sarili'y magpalitan sila ng tsismis at mali-maling palagay.
88. ISANG linggo pagkatapos ng pagkakasagutan nilang mag-ama, ang Tandang Owenyong ay nadisgrasya sa balon.  Nadupilas ito at mabuti na lamang daw at sa labas ng balon nahulog.  Kung hindi raw, patay.  Ang dibdib ng matanda ay pumalo sa mga nakatayong balde at ito'y napilayan.  Nabalingat naman ang isang siko niya.  Sabi ng marami ay nahilo ang matanda.  Ang iba'y nawala sa isip niya ang ginagawa.
89. Nilagnat pa si Tandang Owenyo.  Ipinatawag na ang pinakamahusay na manghihilot na tagaibayo.  Nakikiigib ang mga iniigiban ni Tandang Owenyo sa iba.  Kailan daw ba iigib uli ang matanda.  Walang malay gawin ang ina ni Narsing.  Ang kanilang dati nang malaking utang sa tindahan ni Da Utay ay lalong lumaki sa pagkakasakit ng matandang aguwador.
90. Isang hapong umiigib si Narsing ng gamit sa bahay ay may naglakas-loob na nagtanong kung magaling na ang kanyang ama.  Bakit daw hindi pa siya ang sumalok.  Sayang daw kung ang kinikita ng ama niya'y sa iba mapupunta.
91. Hindi nanlilibak o sumasaring ang pagkakasabi noon.  Iyon, sa palagay na ni Narsing, ay patotoo sa paniwalang siya ang talagang magmamana sa gawaing iyon ng kanyang ama.
92. KINABUKASAN, hindi nangyari ang inaasahang mangyari ni Narsing.  Hindi siya tinukso ni pinagtawanan at kinantiyawan.  Nalapnos ang kanyang balikat at magdamag na nanakit ang kanyang mga buto sa pag-aakyat-panaog sa mga hagdang matatarik, sa pagsalin at pagbuhat ng tubig.  Siya na ang umiigib.
93. Pabiling-biling si Narsing sa kanyang hinihigang sahig.  Nakikita niya ang malalayong bituin.  Narinig niya ang mga mumunting hayop at ang alit-it ng mga kawayang itulak-hilahin ng hangin.  Sa malayo'y may asong kumakahol na parang nakakita ng aswang o ano.  Hindi siya nakatulog.  Marami siyang iniisip.  Naalaala niya noong siya'y nasa hayskul.  Bago siya maidlip, sa guniguni niya ay nakita niya

ang kanyang sariling kamukha ng kanyang amang animo'y isang Kristong pasan-pasan ang pingga't dalawang balding mabibigat. Naisipan din niyang taniman nang taniman ang bakuran nilang ngayo'y hindi na kanila't inuupahan na lamang.

94. Maaga pa'y bumaba na ng bahay si Narsing. At siya'y muling umigib. Mahapdi ang kanyang balikat. Humihingal siya't parang hindi na niya kayang ituwid ang kanyang mga tuhod.
95. Noong hapon, naghihintay si Narsing ng kanyang turno sa balon. Nagbibiruan ang mga dalaga't kabinataan sa paligid ng balon. May tumatawang nagsasabing binyagan ang kanilang bagong aguwador.
96. "Binyagan si Narsing!" sigaw ng mga nasa paligid ng balon, at may nangahas na magsaboy ng tubig.

- Binasa at inunawa mo bang mabuti ang akda? Kung gayon, handa ka nang isagawa ang sumusunod na gawain .

Kaya simulan mo na.

**3. Linangin mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Mayaman sa mga piling pahiwatig ang binasang akda. Bigyang-kahulugan ang sumusunod na pahayag batay sa pagkakagamit sa akda. Piliin sa mga nakatala sa ibaba.Isulat ang titik lamang.

1. kinagisnang balon
2. ang buhay at kamatayan ng mga taga-Tibag ay nasa balong iyon
3. me pamamanahan na sila ng kanilang ikinabubuhay
4. hindi na nakita ni Narsing na ang sampayan ay nawalan ng laman
5. mamanahing hanapbuhay na halos pamatid-gutom lamang
6. sila lamang marahil ang halos hindi nagkakaroon ng mumo sa buong dulang:

   a. May mga anak sila na siyang papalit sa kanilang trabaho kung hindi na nila kaya.
   b. Napakaliit ng kita sa hanapbuhay ng kanyang ama.
   c. Naroon na ang balon simula nang magkaisip ang mga taga-Tibag.
   d. Walang tigil sa paglalabada ang kanyang ina.
   e. Walang tao sa Tibag na hindi nakinabang sa balon simula pa sa pagsilang hanggang kamatayan.

7. nagliliyab ang mata ng kanyang ama:

8. hindi nanlilibak o sumasaring ang pagkakasabi noon:

9. nakita niya ang kanyang sariling kamukha ng kanyang ama:

10. tipid na tipid ang subo ng kanyang ama't ina

    a. Nakikinita na niya na siya'y magiging aguwador din.
    b. Kaunti lamang ang kinain ng kanyang ama't ina upang makakain nang husto ang kanyang mga kapatid.
    c. Kulang sa kanilang pamilya ang pagkaing kanilang pinagsasaluhan.
    d. Tapat at tuwiran ang pagkakasabi sa kanya.
    e. Galit na galit ang kanyang ama.

- Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Tiyak kong ngayon ay lubusan mo nang naunawaan ang iyong binasang akda.Handang-handa ka nang gawin ang mga sumusunod na gawain.

Unawain mong mabuti ang panuto at isagawa nang maingat ang mga ito.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Mayaman din sa nais sabihin ang akda. May mga tiyak itong sinasabi sa tiyak na indibidwal.

1. Ilahad ang nais sabihin ng akdang binasa tungkol sa pagpapahalaga sa trabaho. Humanap ng isang tiyak na bahagi na magpapatunay rito.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Ilahad ang nais sabihin ng akdang binasa tungkol sa paghahangad ng isang taong mabago ang kanyang kalagayan sa buhay. Humanap ng tiyak na bahagi na magpapatunay rito.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Ano naman ang pinatunayan sa mga sumusunod? Piliin at isulat ang titik lamang.

3.1. Si Narsing ang may ulo. Laging me dalang libro. Sa library nga raw sa kabayanan nagbabasa't humihiram ng libro.

3.2. Hindi lamang pala siya ang nabibigo. May nakakasabay pa siyang madalas na mga tapos ng edukasyon at komers. Ang mga ito'y me dala pang sulat na galing sa ganoo't ganitong senador o kongresman.

3.3. "Ikaw gusto pala ngayon lang alaw, ka,"
akyen gusto lang tulong sa iyo'
Ikaw, kuha tubig, salok sa balon, dilig konti..
Ikaw na gusto?"

3.4 Ano ang masama sa pag-aaguwador? Diyan ko kayo binuhay!

3.5. Noong hapon, naghihintay si Narsing ng kanyang turno sa balon. Nagbibiruan ang mga dalaga't kabinataan sa paligid ng balon.

a. Mahirap humanap ng trabaho sa Maynila

b. Pagsisikap na makatapos ng pag-aaral upang makakita ng magandang trabaho.

c. Kung alin ang ayaw mo, siyang nagsusumiksik sa iyo.

d. Na ang pag-aaguwador ay isang marangal na hanapbuhay.

e. Pagtanggap sa katotohanan na aguwador na siya ang kapalit ng kanyang ama.

- Ngayon iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago mo isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pag-unawa

| |
|---|
| Kung babasahin ang isang akda sa pananaw eksistensyalismo, maaaring pagtuunan ng pansin ang kalagayan ng tauhan na nakatuon sa pagbubuo nito ng paninindigan., Sinusuri ang akda batay sa lakas ng paninindigan ng tauhan na nagpapakita ng pagbalikwas sa kanyang kalagayan. Mahalaga ring makita ang pagtanggap ng naging bunga ng pansariling pagpapasiya. |

- Ngayong nabatid mo na ang tungkol sa pananaw eksistensyalismo, handa ka na bang sagutin ang mga sumusunod na gawain?  Isaalang-alang mo ang iyong natutunan. Masasagot mo iyan.  Subukan mo.

Panuto:  Ilarawan si Tandang Owenyo batay sa kanyang tiyak na paninindigan

1. Ano ang naging paninindigan ni Tandang Owenyo?

  a. Ang kanyang kinagisnan, imumulat niya sa kanyang mga anak at ipamamana naman ng mga ito sa kanilang magiging anak.
  b. Papag-aralin ang mga anak upang di maging aguwador na tulad niya.
  c. Sa Maynila paghanapbuhayin ang anak upang mahango sa hirap
  d. Magsikap upang umunlad ang buhay

2. Ano ang naging bunga nito sa kanyang sarili

  a. Natuwa siya sapagkat may magmamana ng kanyang hanapbuhay
  b. Sumama ang kanyang loob sapagkat ayaw ng kanyang anak na matulad sa kanya na aguwador
  c. Nagtagumpay siya sa kanyang nais
  d. Nabigo siya sa kanyang naising umunlad

3. Anong pagpapasya ang binuo ni Narsing?

  a. Ibig niyang maging aguwador
  b. Hanguin sa kahirapan ang pamilya
  c. Di siya magiging aguwador
  d. Makipagsapalaran sa Maynila

4. Ano ang naging efekto kay Narsing ng nabuong pagpapasiya?

  a. Nagsikap siya sa pag-aaral
  b. Nagpunta siya sa Maynila, naghanap ng kahit na anong mapapasukan huwag lamang pag-aaguwador.
  c. Nalapastangan niya ang ama nang sabihin nitong subukin niyang umigib.
  d. Lahat ng nabanggit

5. Ano ang kinalabasan ng ginawang pagpapasya ni Narsing?

  a. nagtagumpay siya
  b. nabigo siya sapagkat iyong ayaw niya ang siya niyang kinahantungan, ang pagiging aguwador
  c. a at b
  d. wala sa nabanggit

- Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto. Kunin mo ito sa iyong guro.

d. Halagang Pangkatauhan

Piliin mo sa mga sumusunod ang paraan ng pagpapakita ng pagpapahalaga sa hanapbuhay. Titik lamang ang isulat mo sa iyong sagutang papel.

a. Pagpili sa hanapbuhay na malaki ang kita.

b. Minamahal ang trabaho kahit maliit ang kita.

c. Ipinagmamalaki ang trabaho sa iba.

d. Pagiging tapat sa gawain.

e. Di pagsasayang ng oras sa gawain

f. Paghahanapbuhay sa ibang bansa

g. Ang pinipili ay iyong ‘White Collar Job” at ayaw ng mabibigat na gawain.

h. Ikinahihiya ang trabaho.

i. Di nagbibilang ng oras sa paggawa

j. Ipinamamamana sa anak ang kanyang trabaho kung di na kaya.

- Ngayong napili mo na ang mga paraan ng pagpapahalaga sa hanapbuhay, palalimin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sumusunod na gawain. Ngunit bago iyon, iwasto mo muna ang iyong sagot, sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin mo…**

Lagyan mo ng tsek **(√)** kung positibo ang pamahiin, paniniwala at kaugaliang inilarawan sa akda at ekis **(x)** kung negatibo naman.

_____1. Paniniwala sa mga kuwentu-kuwento

_____2. Ang paniniwalang ang buhay na kanilang kinagisnan at kinamulatan na rin ng kanilang mga anak ay mamanahin pa rin ng mga magiging anak naman nito.

______3. Nakapagpapalaki ng katawan ang pagsasalok.

______4. Sa Pilipinas, pasalin-salin ang hanapbuhay. Kung ano ang hanapbuhay ng magulang, mamanahin din ng anak.

______5. Tapos ka't hindi, pareho rin.

______6. Sa Pilipinas ay uso ang palakasan

______7. Pagsisikap upang mabago ang kalagayan sa buhay

______8. Mahirap maghanap ng trabaho sa Maynila

______9. Ang pag-aaguwador ay isang marangal na trabaho. At kayang bumuhay ng pamilya.

______10. Nahihiyang magtanung-tanong, ngunit hindi nahihiyang magpalitan ng tsismis at mali-maling palagay.

- Ngayon, ilapat mo naman ang iyong mga natutunan. Ngunit bago iyon, iwasto mo ang iyong gawa sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

### 5. Gamitin mo…

Tingnan ko kung paano mo mailalapat sa iyong sarili ang mga kaisipang iyong natutunan sa araling ito.

1. Kung minsan sa buhay ng tao kung alin ang ayaw ay siyang kinahahantungan tulad ng nangyari kay Narsing. Kung ikaw ngayon ang nasa kalagayan ni Narsing, ano ang gagawin mo?

a. Gagawa ako ng paraan na makaalis sa pagiging aguwador.
b. Pagbubutihin ko na lang ang pagiging aguwador.
c. Bukod sa pag-aaguwador ay magtatanim pa ako ng mga gulay upang maragdagan ang aking kita.
d. Babalik ako ng Maynila at doon maghahanap ng kahit anong trabaho.

2. Aguwador ang iyong ama at ikaw ay naging aguwador din. Gugustuhin mo rin bang maging aguwador ang iyong magiging anak?

a. Oo, sapagkat marangal itong hanapbuhay.
b. Oo, sapagkat ito'y minana ko pa sa aking ninuno at kailangang may magpatuloy nito.
c. Hindi, sapagkat bukod sa mahirap itong trabaho ay maliit pa ang kita rito.

d. Hindi, sapagkat bibigyan ko ng laya ang aking anak na pumili ng hanapbuhay na gusto at kaya niya.

- Muli, iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin mo…**

Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang. Piliin sa mga nasa loob ng kahon. Titik lamang ang isulat.

*Tiyaga, Susi sa Tagumpay*

Sipag at tiyaga ang susi sa __1__. Iyan ang __2__ni Julia. __3__siya sa limang magkakapatid. Labandera lang ang kanyang ina at ang kanya namang ama ay walang permanenteng __4__. Kaya kailangang magsikap siya sa __5__ sapagkat siya ang mag-aahon sa __6__sa kahirapan. Kahit walang __7__ay pumapasok pa rin siya. Nagtitiis siya ng __8__. Ngunit di siya pumapasok na di __9__sa klase.

Sa ngayon ay namamasukan siyang __10__ sa isang kompanya.

| | |
|---|---|
| a. kawani | f. pamilya |
| b. pinagkakakitaan | g. paniniwala |
| c. panganay | h. baon |
| d. pag-aaral | i. handa |
| e. tagumpay | j. gutom |
| | k. bunso |

- Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong gawa.

**7. Lagumin mo…**

Sagutin ang mga sumusunod.

Matapos mong mabasa at mapag-aralan ang akda:

1. Ano ang naging bungang pangkaalaman nito sa iyo?

2. Ano ang naging bisang pandamdamin?

3. Ano ang naging kabuluhan nito sa iyong sarili?

- Iwasto mo ang iyong gawa sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung malapit ang iyong tugon sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

**8. Subukin mo…**

Piliin ang titik ng wastong sagot

1. Hindi na nakita ni Narsing ang sampayan na nawalan ng laman. Ito'y nangangahulugang___

a. maraming nilalabhang damit ang ina ni Narsing.
b. hindi tumitigil sa paglalabada ang ina ni Narsing.
c. hindi inaalis ang mga nilabhang damit sa sampayan.
d. tamad ang mga kapatid ni Narsing.

2. Ang ibig ipakahulugan ng pahayag na "mamanahing hanapbuhay na halos pamatid-gutom lamang" ay ___

a. maliit ang kita ng mamanahing trabaho
b. sa pagkain lang mapupunta ang kita sa mamanahing hanapbuhay
c. pagtitinda ng pagkain ang mamanahing trabaho
d. pagkain ang kapalit na kita ng mamanahing trabaho.

3. Ang pahayag na "nagliliyab ang mata ng kanyang ama" ay nangangahulugang ang kanyang ama ay ___

a. mataas ang lagnat
b. galit na galit
c. inaatake
d. tuwang-tuwa

4. Kahit na mahirap at maliit ang kita sa pag-aaguwador ay nagpatuloy pa rin si Tandang Owenyo sa kanyang hanapbuhay. Ito'y patunay ng kanyang _____sa trabaho.

a. pagpapahalaga
b. pagsisikap
c. pagtanggap
d. pagtitiyaga

5. Nagtungo sa Maynila si Narsing upang maghanap ng trabaho dahil ibig niyang ___

a. makapagpatuloy sa pag-aaral
b. mabago ang kanyang kalagayan sa buhay
c. makatulong sa magulang
d. maging aguwador

6. Nag-aral nang mabuti si Narsing. Sa library sa kabayanan siya nagbabasa't humihiram ng libro dahil batid niya na ___

a. kung makatapos siya ng pag-aaral ay makakukuha siya ng magandang trabaho
b. daan ito upang matakasan niya ang kahirapan
c. di na siya magiging aguwador
d. matutupad na niya ang kanyang pangarap

7. Pinanindigan ni Tandang Owenyo na ipamamana niya kay Narsing ang pag-aaguwador. Kaya nang ayawan ito ni Narsing ay ___

a. pinalayas niya ang anak
b. pinigilan niya ito
c. nagalit at nasaktan niya ang anak
d. binayaan na niya ang anak

8. Ayaw ni Narsing na maging aguwador ngunit nadisgrasya ang kanyang ama kaya napilitan siyang mag-aguwador. Kahit na nakadama ng hirap at sakit ng katawan ay pinangatawanan na ni Narsing ang pag-aaguwador. Ito'y patunay ng kanyang ___

a. pagpapakumbaba sa ama
b. pagtakas sa katotohanan
c. pagsisikap sa bagong hanapbuhay
d. pagtanggap sa katotohanan na pag-aaguwador din ang kanyang kahihinatnan


9-10. Pinatunayan sa akdang "Kinagisnang Balon" ang mga kaisipang___(pumili ng 2)

a. Kung may tiyaga, may nilaga
b. Kung ano ang ayaw mo, siya pang nagsusumiksik sa iyo
c. Napakahirap humanap ng trabaho sa panahon ngayon
d. Ang kahirapan ay di hadlang sa pagkakamit ng tagumpay
e. Maging matalino sa pagpapasiya
f. Matutong tumanggap sa katotohanan

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas, sagutin mo na ang bahaging "Gaano Ka Na Kahusay". Kung 6 pababa naman ay isagawa mo muna ang susunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Anong kaisipan ang nilinang ng akda? Anong mga detalye ang sumusuporta sa kaisipang ito?




- Tingnan mo sa susi sa pagwawasto kung tama ang iyong mga sagot.

Marahil ay handa ka nang sagutin ang panghuling pagsusulit na susukat kung gaano ang natutunan mo sa modyul na ito

## *Gaano ka na kahusay?*

Piliin ang titik ng wastong sagot

1. Masasal ang pintig ng kanyang puso.

a. Mabagal c. Mabilis
b. Maikli d. Matulin

2. Tila nanunuksong nakasungaw ang kanyang malusog na dibdib

a. nakalitaw c. nakasilip
b. nakalusot d. nakadungaw

3. Nakita niya ang kanyang sariling kamukha ng kanyang ama. Ito'y nangangahulugang___

a. Nakikinita na niya na siya'y magiging aguwador din
b. Siya ay kahawig ng kanyang ama
c. Nanaginip siya na katulad siya ng kanyang ama
d. Wala sa nabanggit

4. Ang balong iyon ay kinagisnan na ng mga tao sa Tibag

a. dinatnan
b. kinamulatan
c. ginamit
d. itinayo

5. Umuwi siya sa lalawigan upang ___

a. dalawin ang mga namayapang kamag-anak
b. dalawin ang mga kamag-anak
c. dito magdaos ng Pasko
d. dumalo sa parangal

6. Sa kanyang pagbabalik sa pook na iyon ay nakadama siya ng ___

a. pagmamalaki
b. kalungkutan
c. kaligayahan
d. kawalan

7. Sinasabing ang buhay at kamatayan ng mga taga-Tibag ay nasa___

a. tubig
b. balon
c. lupang sakahan
d. pag-aaguwador

8. Pinatunayan sa akdang “Kinagisnang Balon” na

a. mahirap humanap ng trabaho
b. mahirap maging aguwador
c. ang kapalaran di mo man hanapin, kusang lalapit kung talagang akin.
d. kung ano ang ayaw siyang nagsusumiksik sa iyo.

9. Alin sa mga sumusunod ang katanggap-tanggap sa mga nangyaring pagbabago kay Fely?

a. pananamit
b. pagkakaroon ng lakas ng loob
c. paniniwala na nasa Maynila ang magandang kapalaran
d. pagbabago sa pananalita

10. Alin sa mga katangian ni Narsing ang positibo?

a. masipag mag-aral
b. matalino
c. mapangatwiran

d. matigas ang loob

- Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto.

Inaasahan kong naging mabunga ang pag-aaral mo sa modyul na ito.

## MODYUL 22
## Susi sa Pagwawasto

### Aralin 1:BANYAGA

Ano Na Ba Ang Alam Mo?

1. c
2. b
3. a
4. b
5. d
6. c
7. a
8. c
9. b
10. a

Alamin mo…

1. C
2. G
3. I
4. A
5. F
6. H
7. D
8. L
9. K
10. B
11. J
12. M

a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. nahinto
2. mahubog
3. pinipigil
4. palda
5. mabilis

b. Pagsusuring Pangnilalaman

1. a, b, c. d. g
2. 2.1. ○

   2.2. □

   2.3. △

c. Pagsusuring Pampanitikan

1. - Noon pa man ay alam kong nasa Maynila ang aking pagkakataon.

- Sinabi ko naman sa Inso… Ibigay na sa akin… pag-aaralin ko sa Maynila nag-iisa naman ako. Ang hirap sa kanila…ayaw nilang maghiwa-hiwalay.
- Hindi sa naiinip, e. Dapat ay nasa oras ang salitaan.
- Kung sa Amerika…nakapunta ako at nakabalik nang mag-isa, sa Maynila pa?

2. Dahil sa kanyang paniniwala at paninindigan ay nasasabi niya nang tuwiran ang kanyang nararamdaman at naiisip. Naging malakas ang loob at nagkaroon ng paninindigan sa sarili.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3. | 3.1. b | 4. | 4.1. d | 4.3. c |
| | 3.2. c | | 4.2. a | 4.4. b |
| | 3. 3. a | | | |

d. Halagang Pangkatauhan

A, B, C, F, H, I

4. Palalimin mo…

1. Nalaman ko na ang isang babae ay maaaring maging isang matagumpay na hukom.
2. Naramdaman ko na ang isang babae ay kailangang malakas ang loob at may paninindigan

3. Masasabi kong ang isang babae ay maaaring makaagapay o malampasan pa ang katangiang taglay ng mga lalaki.

5. Gamitin mo…

1. Propesyon – 2

   Edukasyon - 1    Ito ang magsisilbing sandata upang magkaroon ng magandang propesyon at magkamit ng karangalan at kayamanan

   Kayamanan - 4

   Karangalan - 3

2. b

6. Sulatin mo…

| | |
|---|---|
| 1. pisikal | 6. mata |
| 2. kalooban | 7. pisngi |
| 3. balat | 8. kilay |
| 4. buhok | 9. loob |

5. mukha 10. kalalakihan

7. Lagumin mo…

A, B, C, G

8. Subukin mo…

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. d |
| 2. a | 7. d |
| 3. b | 8. } a |
| 4. b | 9. } b |
| 5. a | 10. a |

9. Paunlarin mo…

1. Iwasan maging banyaga sa sariling bayan

2. Hindi masamang yumakap sa pagbabago, kung ito'y sa mabuti patungo

SUSI SA PAGWAWASTO

Aralin 2

KINAGISNANG BALON

1. Alamin mo…

Gripo, balon, poso

3. Linangin mo…

a. Pagsusuring Panglinggwistika

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. c |
| 2. e | 7. e |
| 3. a | 8. d |
| 4. d | 9. a |
| 5. b | 10. b |

b. Pagsusuring Pangnilalaman

1. Mahalin ang trabaho na minana sa magulang. Na kahit maliit ang kita, marangal naman at nakabuhay ng pamilya.

"Ano ang masama sa pag-aaguwador?  Diyan ko kayo binuhay!

2. Pagsisikap na makapag-aral at makatapos upang mabago ang kalagayan sa buhay.

"Si Narsing ang me ulo.  laging me dalang libro!"
"Sa library nga raw sa kabayanan nagbabasa't humihiram ng libro."

3.1. b
3.2. a
3.3. c
3.4. d
3.5. e

c. Pagsusuring Pampanitikan

1. a
2. b
3. c
4. d
5. b

d. Halagang Pangkatauhan

b, c, d, e, i, j

4. Palalimin mo…

| | |
|---|---|
| 1. x | 6. x |
| 2. x | 7. / |
| 3. / | 8. / |
| 4. x | 9. / |
| 5. x | 10. x |

5. Gamitin mo…

| | |
|---|---|
| 1. c | 2. a |

6. Sulatin mo…

| | |
|---|---|
| 1. e | 6. f |
| 2. g | 7. h |
| 3. c | 8. j |
| 4. b | 9. i |
| 5. d | 10. a |

7. Lagumin mo…

1. Na may mga tao na sobrang magmahal at magpahalaga sa kanilang trabaho. Na kahit na mahirap at maliit ang kita ay patuloy pa rin sa trabahong iyon.

2. Panghihinayang kay Narsing sapagkat marunong siya at nagsisikap sa pag-aaral ngunit sa pag-aaguwador din nauwi.

3. Nakita ang mga positibong paniniwala na maaaring ipagpatuloy at negatibong paniniwala na dapat nang iwaksi sa isipan.

8. Subukin mo…

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. a |
| 2. b | 7. c |
| 3. b | 8. d |
| 4. a | 9. } b, c |
| 5. a | 10. } f |

9. Paunlarin mo…

Kaisipan: Kung alin ang ayaw mo ay siya mong kinahihinatnan

Detalye: 1. Noon siya'y nasa hayskul. Bago siya naidlip, sa guniguni niya ay nakita niya ang kanyang sariling kamukha ng kanyang amang animo'y isang kristong pasan-pasan ang pingga't dalawang baldeng mabibigat.

2. Nadaan si Narsing sa isang malagong gulayan ng Intsik. Kinausap niya ang Intsik. Wala itong maibigay na trabaho sa kanya. Ngunit dahil gusto siyang matulungan nito, binigyan siya ng trabaho pero isang araw lang. Ang trabaho, kumuha ng tubig, sumalok sa balon at diligan nang husto ang gulayan.

3. Nadisgrasya si Tandang Owenyo. Ang dati nang malaking utang sa tindahan ay lalong lumaki sa pagkakasakit nito. Isang hapong umiigib si Narsing ng tubig gamit sa bahay ay may nagtanong sa kanya kung bakit daw hindi pa siya ang sumalok. Sayang daw ang kinikita ng ama niya'y sa iba pa mapupunta, kaya kinabukasan siya na ang umiigib at iyon na ang simula ng kanyang pagiging aguwador.

GAANO KA NA KAHUSAY?

1. c
2. a
3. a
4. b
5. d
6. b
7. b
8. d
9. b
10. a

Inihanda ni:
Ma.Teresa I. Linao
E.Quirino H.S.